

HIV/AIDS

Habang maraming mga organisasyong pangkalusugan, na may mga mabubuting hangarin, ang nagsasabing ang mga experimentong African sa pagtutuli, ay nagpapatunay na mabisang panlaban sa HIV/AIDS ang pagtutuli, nakakalinlang ang mga pag-aaral na ito. Halimbawa, ipagpalagay na scientifically valid ang quote na 50-60% na bawas peligro, “medyo bawas peligro” lang ito, kumpara sa “ganap na walang peligro”.

Ang “absolute risk reduction” sa mga pag-aaral na ito ay 1.31% lang.

– napakaliit na bilang kumpara sa ipinangangalandakan sa publiko. Ang pamanlinlang at hindi sayantipikong manipulasyon ng mga datos na ito, ay maling pagpapahiwatig na epektibong nakakapigil ng HIV/AIDS ang pagtutuli sa mga lalake. Higit pa rito, sinasalungat ng mga African trials na ito ang mas malawakang takbong demograpiko hinggil sa pagtutuli at paglaganap ng HIV/AIDS.

Halimbawa, sa Estados Unidos, may mataas na rate ng pagtutuli, pero meron ding mataas na heterosexual transmission ng HIV kumpara sa mga bansang bibihira ang pagtutuli.

Gamit o Function

Walang kamalayan ang karamihan ng kulturang nagsasagawa ng pagtutuli sa sexual at mekanikal na gamit o function ng foreskin.

Sagana sa innervated, sekswal na tissue ang foreskin, na nagtataglay ng libu-libong mga pandamang neuroreceptors, tulad ng Meissner’s corpuscles. Marami sa mga pinaka-sensitive na rehiyon ng ari ng lalaki ang matatagpuan sa mas loob na bahagi ng prepuce, na siya namang di-kailangang putulin sa pamamagitan ng pagtutuli. Ang prepuce din ang umaakto bilang isang mekanismo o linear bearing mechanism na siyang nagbibigay ng natatanging gliding na paggalaw habang nakikipagtalik.




Isang paglapastangang medikal ang ritwal na pagtatanggal sa normal at malasog na genital tissue ng walang kalaban-labang sanggol. Hindi dapat madaya ng mga ritwal– na panahon pa ng mga tanso sa kalumaan– ang rasyonal at sayantipikong paghusga, kontemporaryong etikang medikal, at ang pangunahing karapatang pantao sa pangkatawang integridad.



**Children’s Health & Human
Rights Partnership
www.CHHRP.org**

Naniniwala
ka ba sa mga
sabi-sabi
tungkol sa
pagtutuli?



**Pagtataboy sa mga
karaniwang maling
kuru-kuro**



Isang base sa ebidensiyang
lapit o approach mula sa mga
health care professionals.



“Malusog na panatilihing buo o intact ang inyong lalaking anak.”

Sa loob ng mahigit isang daang taon, itinaguyod o ipino-promote ng mga North American doctors ang pagtutuli ng sanggol bilang pag-iwas sa mga sakit mula sa impeksyon hanggang sa kanser, tuberculosis, pagkabingi at kapingkawan ng paa o clubfoot. Dahil sa paghusay ng ating kakayahang ma-assess nang kritikal ang mga naturang claims, para matukoy ang pagiging valid o wasto ng mga ito, nagbago ng mga patakaran sa ganitong surgery ang mga awtoridad medikal. **Walang mga samahang medikal sa mundo ang nagrekomenda ng pagtutuli sa sanggol.**

Gayunpaman, marami sa mga maling kuru-kuro o mga gawa-gawang kuwento tungkol sa nakagawiang ito, ang nabuo na at nananatili hanggang sa ngayon - at may potensyal na negatibong epekto sa mga hinaharap na henerasyon. **Responsibilidad ng mga magulang na protektahan ang kanilang mga anak mula sa mga delikadong nakagawian na wala namang rekomendasyong medikal.**

Nauunawaan na natin ngayon na masakit, nakakasira, peligroso, at hindi kailangan ang pagtuli sa sanggol. Pangunahing karapatan ng mga bata, lalaki man o babae, o intersex, ang seguridad ng sariling pagkatao tulad ng ibinalangkas sa Canadian Charter of Rights and Freedoms at ng Universal Declaration of Human Rights. **Nalalabag ang karapatang pantao ng mga bata kapag tinatanggal ang foreskin nila, maliban na lang kung may mga totoong dahilang emergency**

Hindi nangangailangan ng espesyal na pag-aalaga ang buo o intact na ari ng lalake o penis. **Linisin lamang ang bahaging panlabas at huwag kailanman dapat baligtarin ang foreskin.** Sa mga bansang pinapraktis ang tamang pangangalaga sa buo o intact na penis, gaya ng Finland, ang rate ng pagtutuli na may pangangailangan medikal, sa panahon nang pagtanda ay 1 sa 16,667. Kaya kung nakarinig kayo ng tungkol sa isang taong "kailangang" tulin, malamang dulot ito ng wala sa tamang panahon o premature at puwersadong pagbaligtad ng foreskin. Karamihan sa mga batang lalaki, nagagawang baligtarin ang foreskin nila sa pagtatapos ng panahon ng "pagbibinata" o puberty. Sa puntong ito, simple lang ang paglilinis – baligtarin, banlawan, at balikan.

Sa Totoo Lang

Impeksyon sa Ihi

Depektibo ang karamihan sa mga paraan o metodolohiya ng pag-aaral tungkol sa pagtutuli at impeksyon sa ihi o urinary tract infection – dahil hindi naisasa-alang-alang ang kinalaman ng iba pang sanhi o kadahilanan, gaya ng pagpapasuso – kaya walang makabuluhang konklusyon ang puwedeng makuha dito. Napatunayan na, na epektibo ang pagpapasuso sa inyong sanggol upang mabawasan ang panganib ng impeksyon sa ihi.

Kanser sa Titi at Sipit-sipitan o Serviks

Ayon sa Canadian Cancer Society: **“Walang sapat na ebidensiya upang irekomenda ang pagtutuli bilang isang paraan ng pagpigil sa kanser ng ari ng lalaki”** habang ipinunto naman ng American Cancer Society na **“Depektibo ang metodolohiya, makaluma, at di sinesoryoso ng komunidad medikal sa loob ng maraming dekada, ang mga pananaliksik na nagmumungkahing may kinalaman ang pagkatuli ng mga kapareha ng mga babaeng may servikal kanser.”**

Mga Impeksyong Naipapasa sa Pakikipagtalik

Habang walang ibinibigay na malinaw na indikasyon ang kabuuang literaturang medikal sa anumang kaparaanan, na nagbibigay proteksyon ang pagtutuli laban sa STIs, mas ipinapakita naman ng mga makabagong pag-aaral, na mas nagbibigay ng proteksyon ang buo o intact na penis laban sa pagkakaroon ng iba't ibang STIs, partikular na ang gonorea, sipilis, mga butlig sa ari, klamidya, at HIV.

Upang suriin ang literatura tungkol dito, bisitahin ang:
www.CIRP.org/library